Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Pinagaling ni Hesus ang Bulag

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Bartimeo isang pulubing bulag,
ay naupo sa tabi ng daan na malapit
sa Jerico, humingi ng limos.



Ang mga mababsit na tao ay nagbigay ng isang centimo o kaperasong pagkain habang sila ay dumadaan.



Si Bartimeo ay hindi na makagawa dahil sa siya ay bulag. Siya ay humingi na lamang.



Isang araw, ang daanan ay puno ng mga tao. Narinig ni Bartimeo ang ingay ng mga hakbang ng mga tao.

Isang pambihirang pangyayari ang mangyari. Noon ang bulag na lalake ay nakaalam kong ano iyon.

Si Hesus na taga
Nasaret ay nasa bayan.

Ang pulotong ng mga tao ay dumating upang makita si Hesus, at makinig sa kanya.

"Hesus, Anak ni Dabid, maawa kayo sa akin!" Bakit si Bartimeo ay sumigaw ng ganito? Bakit inisip niya na si Hesus ay makatulong sa kanya? Maaring narinig niya sa iba na si Hesus ay nakagaling ng may sakit.

Ang iba ay bingi, mga pepi, at mga lumpoang iba mga bulag, na gaya niya. "Anak ni Dabid, maawa kayo po sa akin,?" Sumigaw ng sumigaw si Bartimeo. Ang kanyang tinig ay lumabas na may pagasa.

Si Bartimeo ay nakatiyak ng isang bagay. Kung hindi siya matulungan ngayon, maaring wala ng sunod na pagkakataon. Baka si Hesus ay hindi na dadaan ulit dito.

Gusto ni Bartimeo na mahipu niya si Hesus. Ngunit any mga tao ay hindi kumilos. "Sssssshhh!" ang sinabi nila. Sinabihan siya na huwag maingay.

Ngunit si Bartimeo
hindi tumahimik.
Sumigaw
ng sumigaw
siya. Sa
biglaan, si
Hesus ay
huminto!
Duminig!

Inutosan ang bulag na lalake na pumarito sa kanya. "Magsaya kayo," ang mga tao ay nagsalita kay Bartimeo. "Tumayo ka. Siya ay tumatawag sa iyo."

Habang itinapun niya ang kanyang mga suot, si Bartimeo ay tumayo at pumunta kay Hesus.



“Ano ang gagawin ko para sa iyo?”
Tinanong siya ni Hesus.
Ano kaya sagot mo?





Hihingi ba kaya ikaw ng maraming pera o magagadang damit? Iyon ba kaya ang gustong hihingiin ni Bartimeo?





Hindi, ang bulag na Bartimeo ay hindi humingi ng ginto o magagansuot. Alam mo kung ano ang kanyang kailangan.

"Panginoon, na ako'y makatanggap ng aking paningin." Gusto ni Bartimeo na siya ay makakita.

Makita ang mga kakahoyan at mga sarisaring ibon at lahat ng kagandahan ng likha ng Diyos.

Gusto niyang siya makatanaw upang maalagaan niya ang kanyang sarili at hindi na siya manghingi ng limos.

Noon sinabi ni Hesus kay Bartimeo:
"Tanggapin mo ang iyong paningin.



Ang iyong pananampalataya ay nakaligtas sa iyo.”



Kaagad nabuksan ang mga mata at sumunod kay Hesus. Ang lahat na nasabi niya ay "Ang Panginoon ay katakataka! Pinagaling ako!"

Ito ay pinakasayang pangyayari sa buhay ni Bartimeo.

Ang lahat ng mga taon, nang nakita ito, ang nagbigay ng papuri so Panginoon.

Ulit nakita na naman ang katakatakang kapangyarihan ng Anak ng Diyos, na si Hesus, na ang pobring bulag ay nakakita na.

Pinagaling ni Hesus ang Bulag

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Markos 10; Lukas 18; Juan 9

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16